Programs for Infants and Children, Inc.
161 Klevin Street Suite 103
Anchorage, AK 99508-1508
Phone (907) 561-8060 Fax (907) 563-3172
www.picak.org

# PATAKARAN SA PAGSINGIL

Ang mga Programa para sa mga Sanggol at Bata/Programs for Infants and Children, Inc. (PIC) ay nagbibigay ng mga serbisyo sa maagang interbasyon para sa mga karapat dapat na mga bata at ng kanilang pamilya.

Ang mga batang **nakatala** at tumatanggap ng mga serbisyo (maliban sa mga serbisyo na walang bayad) ay sisingilin ng bayad sa paglahok na pinagpapasyahan ayon sa laki ng pamilya at kita. Ang bayad ay minsan sa isang taon at ipinababago bawat taon o kung may makabuluhang mga pagbabago sa pinansyal na kalagayan ng pamilya. Ang bayad sa paglahok ay hindi ipinatutupad para sa mga batang may Medicaid, Denali Kid Care, Tricare, or Indian Health Service.

Ang bayad sa paglahok ay idinisenyo upang bigyan ang mga magulang ng kabuuang halaga na kanilang babayaran para sa lahat ng mga serbisyong nakalista sa kanilang Individual Family Service Plan para sa taon. Ang halaga ay hindi tataas kung may karagdagang mga serbisyo. Minsan sa isang taon, pipirmahan ang isang kasunduan sa bayad ng paglahok, na malinaw na nagpapahayag kung ano ang bayad sa susunod na taon.

## Mga Serbisyong Mayroon na Walang Bayad para sa Pamilya

Ang regulasyong Pederal Part C 303.521(b) ay nagpapahayag na ang mga sumusunod na mga gawain ay dapat na ibigay nang walang bayad sa mga pamilya:

- Screening/ proseso ng pagpili;
- Pagsusuri/pagtataya;
- Serbisyo para sa pakikipag-ugnayan ng pamilya
- Pagpapaunlad sa IFSP.

## Pahintulot na Singilin ang Insurance

Hihilingin sa mga magulang ang kanilang pahintulot upang singilin ng PIC ang Medicaid o anumang kumpanya ng insurance para sa mga serbisyong masisingil na ibinibigay ng mga lisensyadong tagapagbigay ng serbisyo gaya ng, physical therapists, occupational therapists, o speech-language therapists. Kapag pinirmahan ng magulang ang [Consent to Bill form], binibigyan nila ng pahintulot ang PIC na singilin ang kanilang insurance, ngunit ang mga magulang ay hindi responsable para sa mga anumang co-pays o deductibles. Tatangapin ng PIC ang anumang bayad ng mga kumpanya ng insurance bilang buong kabayaran.

- ***Ang mga pamilya ay magkakaroon ng 50% diskuwento sa bayad ng paglahok kung pahihintulutan nila ang PIC na maningil sa mga insurance carriers.***

## Kabawasan sa Bayad ng Paglahok

*Hindi tatangihan ng PIC ang pagbibigay ng serbisyo sa sinumang bata dahil sa walang kakayahan ang pamilya na magbayad para sa mga kinakailangang serbisyo.* Walang pamilya ang tatangihan dahil wala silang kaya para bayaran ang bayad sa paglahok. Maaaring humiling ang pamilya anumang oras, ng kabawasan sa bayad. Maaari ring humiling ng kabawasan sa bayad kung may mga pambihirang pangyayaring naranasan gaya ng malaking medikal na bayarin o likas na pagkasalanta.

**Kontakin ang PIC sa 561-8060 upang humiling ng pagsasa-ayos sa Bayad ng Paglahok.**

## Pahayag sa Pagsingil

Ang mga pamilya ay tatanggap ng kuwenta ng bayarin para sa halagang ipinahayag sa kanilang kasunduang Bayad sa Paglahok/[Participation Fee Agreement]. Sisingilin ang mga pamilya tuwing tatluhang buwan o minsan sa isang taon kung iyon ang nais ng pamilya. Kung may mga serbisyong naganap sa panahon ng tatlong buwan, isang pahayag ang ipadadala sa pamilya. Walang babayaran kung walang serbisyo ang naganap sa loob ng panahong iyon. Sisingilin lamang ang mga pamilya sa kanilang bayad sa paglahok at hindi sa mga sesyon ng theraphy o pagsusuri. Tungkulin ng mga pamilya na magbayad sa PIC.